

Republika ng Pilipinas)
Lungsod ng Quezon) s.s.

SINUMPAANG SALAYSAY

Ako si **CESAR SANCHEZ VELOSO**, 59 taong gulang, may asawa at nakatira sa Brgy. Caudillo, Cabanatuan City, Nueva Ecija, matapos na makapanumpa nang ayon sa batas ay kusang loob na nagpapahayag na:

1. Ako ay may limang (5) anak at si Mary Jane Veloso ang aking bunso;
2. Lumaki sa mahirap na buhay ang aking mga anak. Ang pangunahin naming ikinabubuhay noon ay ang pakikitanim at pakikigapas ng palay. Nagtatrabaho din ako sa Hacienda Luisita bilang taga-tabas ng tubo at kargador ng mga ito sa truck. Ngunit huminto ako ng trabaho sa tubuhan noong 1979 nang minsang mahulog ako sa truck at nadaganan ako ng mga tubo;
3. Mula noon ay nagpalipat-lipat na ako ng iba't ibang trabaho sa iba't ibang lugar bitbit ang aking buong pamilya. Bilang kabuhayan, naranasan namin ang pagpupulot ng mga bote at plastic sa daan, pamamasukan ko sa piggery, pamimitas ng kalamansi at pagtitinda ng isda, pandesal at ice drop;
4. Dahil dito nahirapan kaming mapagtapos ang aming mga anak sa pag-aaral. Hanggang elementary at first year high school lamang ang inabot nila;
5. Gayun pa man lumaking mabubuti ang aking mga anak lalo na si Mary Jane;
6. Si Mary Jane ay mabait. Dahil sa kanyang kabaitan at dahil mahirap lang kami, tinutulungan siya ng mga teacher niya sa mga pangangailangan niya sa eskwelahan. May mga pagkakataon na umuuwi siya sa bahay dala ang bagong damit o kaya naman sapatos mula sa mga guro niya. Minsan din ay pinapatuloy na lamang din nila si Mary Jane sa kanilang bahay dahil malayo ang aming bahay sa kanilang paaralan;
7. Si Mary Jane ay maka-Diyos din. Siya ang palaging nagpapaalala sa amin na magdasal tuwing kakain at matutulog;
8. Labis din siyang mapagmahal at mapagbigay sa aming mga magulang niya at sa kanyang mga kapatid;
9. Nang makapangasawa at magkapamilya na si Mary Jane nang sarili, naging mahirap din ang kanilang buhay. Ang kanyang asawa ay

Cesar Veloso

nakiki-drive lamang ng tricycle habang si Mary Jane naman ay naglalako ng ice candy, sopas at iba pang pagkain sa mga bahay-bahay;

10. Nang tumindi ang kanilang hirap dahil tumigil na sa pagtrabaho ang asawa at natuon na lang sa pagbabarkada at basketball, iniwan niya ito, kihuha ang mga anak at umuwi sa amin sa Barangay Caudillo;

11. Sa kagustuhan niyang mabigyan ng magandang kinabukasan ang kanyang mga anak at matulungan kami na makaahon sa kahirapan, nagpasya siyang mag-abroad at magtrabaho bilang domestic helper sa Dubai;

12. Taong 2009 nang umalis si Mary Jane. Subalit bumalik din siya matapos ang sampung buwan dahil sinaktan siya ng kasamahan sa bahay at pinagtangkaan siya samantalain ng kanyang amo;

13. Pagkabalik niya sa Pilipinas ay umuwi siya sa Esguerra Village, Talavera, Nueva Ecija kung saan nandoon ang kanyang dalawang anak na nasa pangangalaga ng aming balae;

14. Matapos ang ilang buwan mula nang siya ay umuwi, noong ika-18 ng Abril ay naikwento niya sa amin na kinausap siya ni Ma. Cristina Sergio (Tintin para sa kaigsian) at inalok ng trabaho sa Malaysia. Tatanggap daw siya ng P25,000 bilang sahod kada buwan. Ikinatuwa niya ang alok na ito dahil mas malaki ang kikitain niya dito kumpara sa sweldo sa Dubai. Iniisip niya na ito na ang oportunidad para mabigyan ng magandang bukas ang mga anak niya;

15. Hindi ako sumang-ayon sa kagustuhan niyang mag-abroad dahil ayaw naming maulit ang nangyari sa kanya sa Dubai. Kami din ay labis na nagduda sa bilis ng proseso dahil diumano ay aalis na sila papuntang Malaysia sa loob lamang ng limang araw. Hindi rin kami pumayag na pahiramin siya ng P6,000) para raw pandagdag sa pambayad niya kay Tintin;

16. Nang sumunod na mga araw, magiit pa rin si Mary Jane sa pag-abroad. Kung hindi raw namin siya mapapahiram, isasangla na lamang daw niya ang motor na ibinigay namin sa kanilang mag-asawa. Sa awa namin sa kanya at sa nakitang pagpupursige, pumayag na rin kami at pinahiram siya ng pera;

17. Hindi na siya ulit nakadaan pa sa amin bago pumunta ng Malaysia dahil sa napakaikling panahon ng paghahanda niya. Nalaman na lang namin na nakaalis na sila ni Tintin papuntang Malaysia nung tawagan namin ang aming balae sa Talavera;

18. Noong ika-27 ng Abril 2010 ay nabalitaan namin na dumating na si Tintin mula sa Malaysia. Agad kaming pumunta ng aking asawa na si Celia, kasama ang mga kapatid ni Mary Jane, kina Tintin sa Talavera.

Ikinuwento niya sa amin na napakabait ng naging employer ni Mary Jane. Binilhan daw ng employer si Mary Jane ng damit at cellphone. May binili ring gatas para sa bunsong anak na si Darren. Natuwa kami at nagpasalamat para sa pagtulong niya sa aking anak;

19. Lubos kong ikinagalak ang pagtawag ni Mary Jane sa amin noong ika-9 ng Mayo 2010. Kinantahan pa niya ako ng "Happy Birthday" at kinumusta kaming lahat lalung-lalo na ang dalawa niyang anak;

20. Makalawang araw ay nagtext siya sa kapatid niyang si Darling at sinabing huwag pababayaan ang kanyang mga anak;

21. Nang sumunod na araw, May 11, ay nagtext muli siya, kinabahan kami sa laman ng text niya dahil tila ito ay nagpapaalam kaya tinawagan namin. siya. Nang sagutin niya ang tawag, umiiyak si Mary Jane at sinabi nitong nakakulong siya at humingi kami ng tulong sa gobyerno at sa presidente. Ikiniwento niya rin sa amin ang buong detalye ng nangyari sa kanila ni Tintin sa Malaysia at kung paano siya nakulong sa Indonesia;

22. Kinabukasan ay sumugod kaming pamilya sa bahay ni Tintin sa Talavera. Nang makausap namin si Tintin, niyakap niya kaming mag-asawa. Sinabihan niya kami na huwag maingay, huwag lalapit kahit kanino, at huwag magpapa-media dahil iisa-isahin kaming pamilya at manganganib din ang buhay ni Mary Jane sa kulungan. Sila daw ay isang internasyunal na sindikato. Huwag daw kami mag-alala dahil kaya nilang mailabas si Mary Jane sa kulungan;

23. Dahil sa takot at pag-asa sa pangako ni Tintin minabuti muna naming manahimik;

24. Ngunit lumipas ang tatlong buwan ay wala pa ring nangyayari kaya lumuwas ako ng Maynila noong bandang Agosto 2010, kasama ang aking pamilya. Pumunta kami sa DFA para humingi ng tulong. Ang aking asawa at ang anak kong si Maritess ang pumasok sa loob para makipag-usap. Lumabas sila na galit dahil sinabihan sila ng nagngangalang Patricia na dahil sa dami ng droga na nakuha kay Mary Jane ay masesentensyahan daw ito ng bitay. Pero gagawin pa rin daw nila ang lahat para tulungan si Mary Jane;

25. Mula noon ay halos araw-araw kaming tumatawag sa mga numerong ibinigay sa amin ng DFA. Madalas ay walang sumasagot sa numero. Kapag may makakasagot ang sasabihin lamang sa amin ay wala si Patricia. Madalas din kaming lumuluwas para pumunta sa DFA at personal na makausap si Patricia. Subalit wala naman silang ibinibigay na update sa amin. Palagi lang sinasabi na gagawin nila ang lahat;

26. Sa panahon ding ito ay lumapit na rin kami sa iba't ibang opisina ng gobyerno para humingi ng tulong – sa Malacañang at opisina ni Vice-President Binay. Humingi rin kami ng tulong sa lokal na pamahalaan.

Lahat sila ay nagpahayag na tutulong at kokontakin kami ngunit wala naman kaming natanggap na pagtulong mula sa kanila;

27. Lumapit din kami sa PDEA at nakilala si Joseph. Nakatulong si Joseph sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan kay Patricia ng DFA. Kapag hindi sumasagot sa amin si Patricia, siya ang kumokontak sa kanya para makipamalita;

28. Lumapit na rin kami sa NBI sa Cabanatuan, gayundin sa mga lokal na kapulisan at abogado. Humingi kami ng payo kung paano madedemanda si Tintin. Sinabihan kami na kailangan namin ng katibayan para maihabla si Tintin. Kailangan daw ng salaysay mula kay Mary Jane;

29. Sinikap naming magkaroon ng salaysay si Mary Jane subalit sa tuwing magpapadala siya sa amin, pictures lamang ang umaabot. Sa tatlong beses na pagkakataon, wala ang salaysay sa pakete na padala ni Mary Jane na nakakarating sa amin;

30. Sa buong dalawang taon mula ng makulong si Mary Jane, ay regular kaming nakakapag-usap sa telepono. Sinasabi niya sa amin na maayos naman ang kalagayan niya sa loob ng kulungan at marami siyang kaibigan. Kaagapay niya din doon ang isang pari na regular na bumibisita sa kanya;

31. Gayun pa man, sa loob din ng dalawang taon na ito ay wala ring nagawa ang mga nilapitan naming opisina ng gobyerno para patunayan na inosente si Mary Jane at nang sa gayon ay makalaya siya sa kulungan at makabalik na sa Pilipinas;

32. Hanggang sa umabot ang ika-11 ng Oktubre 2012. Makakatanggap kami ng tawag kay Mary Jane, umiiyak siya at sinabing hinatulan siya ng kamatayan at siya raw ay bibitayin;

33. Dahil dito ay agad kaming lumuwas ng Maynila, puno ang jeep ng aking kamag-anakan na nirentahan namin, para ipaabot sa DFA ang masaklap na balita ni Mary Jane at magmakaawa para sa kanilang tulong;

34. Ayon sa aking asawa at anak na si Maritess, nang makausap nila si Patricia sinabihan sila na hindi raw totoo ang sinabi ni Mary Jane na bibitayin siya. Umuwi rin kami ng araw na iyon na nakahinga nang maluwig dahil sa sinabi ng DFA;

35. Subalit nang kinabukasan ng makausap namin sa telepono ulit si Mary Jane, sinabi niya na totoo ang kanyang sinabi at sa katunayan ay nasa mga balita na siya sa Indonesia;

36. Nang tawagan namin at sabihin ito kay Patricia, saka lamang siya humingi ng paumanhin at kinumpirma ang balita ni Mary Jane. Sa

pagkakataong lamang ito sila umaksyon, nagpadala ng abogado at translator kay Mary Jane.

37. Sa panahong ito, nalaman na rin naming umapela ang ating gobyerno at na-postpone ang pagbitay kay Mary Jane. Mula noon ay wala na ulit pag-ugnay ang DFA sa amin;

38. Bandang Abril 2013 ay tumawag si Mary Jane sa amin at nagsabing mag-ayos daw kami ng passport dahil gusto niya kaming pabisitahin sa kanya sa Indonesia. Nagtulong-tulong daw ang mga kaibigan niya sa bilangguan para makaipon ng pera para kami ay makabisita sa kanya sa kulungan;

39. Sa tulong ng kandidato sa pagka-Mayor na si Manalo, naiproseso ang paggawa ng aming passport sa DFA Pampanga;

40. Nang pumunta kami sa DFA Pampanga para kuhain ang mga passport, napag-alaman namin doon na pina-hold ng DFA sa Maynila, sa pamamagitan ni Patricia ang aming passport. Pero dahil naisip ng DFA Pampanga na walang dahilan para i-hold ang pasaporte namin, ibinigay nila ito sa amin. Pagkatapos nito agad din namin inayos sa DSWD sa Pampanga ang travel permit para kay Daniel^{EV}

41. Pagkarating namin sa bahay tumawag si Patricia para sabihing napag-alaman niya na nakuha na namin ang aming passport. Sinabihan kami na hindi pa rin kami pwedeng tumuloy sa Indonesia dahil wala pa kaming imbitasyon mula sa Indonesia at wala kaming pera. Pero hindi na namin ito pinakinggan. Bumili na kami ng ticket mula sa perang ipinadala nila Mary Jane;

42. Noong ika-5^{EV} ng Hunyo 2013 ay lumipad kaming tatlo, ako, ang aking asawa at si Daniel^{EV} anak ni Mary Jane, papuntang Indonesia. Halos isang buwan din kami doon. Masaya kami sa araw-araw na pagbisita namin kay Mary Jane sa kulungan. Nakilala rin namin doon ang mga kaibigan sa kulungan ni Mary Jane;

43. Ipinasyal din kami ng mga kaibigang pulis ni Mary Jane na si Puri at Bitu sa iba't ibang lugar sa Indonesia. Ang lahat ng aming gastusin doon ay mula sa pagtutulungan ng mga kaibigan ni Mary Jane na pulis, bilanggo, pari, at judge. Kami ay lubos na nagpapasalamat sa kabutihang loob na ibinigay nila sa amin;

44. Nakabalik kami sa Pilipinas noong ika-29 ng Hunyo 2013;

45. Mula noon ay naging panatag na ang aming kalooban dahil regular naming nakakausap si Mary Jane sa telepono at masaya siya kapiling ang mga kaibigan sa kulungan;

46. Bandang Pebrero 2015 nang may tumawag sa amin mula sa DFA na Violet ang pangalan at kami ay pinapapunta sa DFA sa Maynila dahil may gusto raw makipag-usap nang personal sa amin. Isama ko raw ang aking asawa at ang dalawang anak ni Mary Jane. Lumuwas din kami, ako, ang aking asawa, si Maritess at ang dalawang anak ni Mary Jane, ng araw na iyon;

47. Sa DFA ay ipinakilala sa amin ni Violet si DFA Secretary Albert Del Rosario. Tinanong kami ng opisyal kung gusto naming pumunta ng Indonesia para dalawin si Mary Jane. Pumayag kami. Aayusin daw nila agad ang passport ni Daniel para makapunta kaming lahat na lima;

48. Lumipad kami papuntang Indonesia noong ika-18 ng Pebrero 2015 kasama namin si Violet. Pagkalapag namin sa Jakarta ay sinundo kami ni Chito at iba pa mula sa Philippine Embassy;

49. Noong unang araw ay pinuntahan namin ang isang judge na babae. Ang sabi niya hindi raw siya pumirma sa desisyong pagbitay kay Mary Jane dahil alam niya na wala itong kasalanan. Nagusap-usap na sila nila Chito, Violet, isang pari at iba pa ngunit hindi namin sila naintindihan dahil nasa salitang Ingles at Indonesia;

50. Kinabukasan ay nabisita na namin si Mary Jane sa kulungan. Buong araw namin siyang nakasama gayundin sa sumunod pang mga araw. Masaya kami na maghapon naming kasama si Mary Jane. Nakasama muli namin doon ang mga nakilala naming kaibigan ni Mary Jane noong una kaming dumalaw;

51. Noong bago kami nakauwi, sa airport ay ipinakilala sa amin ni Chito ang isang lalaking Indonesian na abogado raw ni Mary Jane. Ang sabi ng abogado batay sa pagkaka-translate sa amin sa Tagalog ay meron daw siyang ipinaglaban na kaso noon na nanalo, na katulad ng kaso ni Mary Jane. Gagawin daw niya ang lahat para mapalaya si Mary Jane;

52. Ilang araw mula nang bumalik kami sa Indonesia, napanood namin sa TV na ibinasura ang apela para kay Mary Jane. Nagulat at nahabag kami sa balitang ito.

53. Kinontak namin si Mary Jane kaugnay nito pero nagulat din siya. Hindi niya alam na nabasura ang apela. Sinubukan niya ring tawagan si Violet at iba pa ngunit hindi niya makontak ito;

54. Mula noon ay nagsimula nang magdatingan ang media sa aming bahay;

55. Wala nang naging pag-ugnay ang DFA sa amin. Ilang beses naming sinubukan makontak si Violet pero "out of coverage" palagi ang numero niya.

SA KATUNAYAN NG LAHAT NG ITO, ako'y lumagda ng buo kong pangalan ngayong ika-15 ng Abril 2015, dito sa Quezon City, Pilipinas.

Cesar Sanchez Veloso

CESAR SANCHEZ VELOSO
Nagsasalaysay

SUBSCRIBED AND SWORN TO before me, notary public for and in Quezon City, Philippines on APR 17 2015, affiant exhibited to me his COMELEC Voter's Identification Card with VIN 4930-0011D-E1056CSV10000-6 issued in Talavera, Nueva Ecija.

Kristina Conti

MARIA KRISTINA C. CONTI
Notary Public until December 31, 2015
Notarial Commission No. NP-305
Roll of Attorneys No. 63574
-IBP Lifetime Member No. 012641 - Batangas
PTR No. 07568766-1/28/2015 - Quezon City
3/F Brylcreme Building, 7 Maarañan cor. Matalag St.
Central District, Quezon City

Doc No. 143
Page No. 29
Book No. I
Series of 2015.

Cesar Sanchez Veloso